

Ang Promotion na Espesyal na FX sa Latvia

Mga Tuntunin at Kundisyon:

- Para maging kwalipikado para sa promotion na Espesyal na FX ("Promotion") sa Latvia, dapat kang mag-sign up para sa Remitly sa pamamagitan ng landing page ng Remitly na branded ng espesyal na FX rate at matagumpay na kumpletuhin ang iyong unang transfer sa Latvia.

- Available ang Promotion para sa mga bagong customer lang at limitado ito sa isa (1) kada tao. Hindi kwalipikado sa promotion na ito ang mga kasalukuyang customer. Hindi valid ang Promotion na ito sa ibang alok.**

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang limitahan ang bilang ng mga indibidwal kada sambahayan na kwalipikado para sa Promotion na ito. Ang anumang pagtatangka ng customer na abusuhin ang Promotion na ito sa pamamagitan ng paggamit ng marami/iba't ibang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagpaparehistro, kredensyal sa pag-log in, at/o anupamang paraan ay magreresulta sa kawalan ng kakayahan at diskwalipikasyon ng customer na matanggap ang Promotion ayon sa sariling kapasyahan ng Remitly.

- Sa pamamagitan ng Promotion, magagawa ng mga kwalipikadong customer na: gumawa ng isang (1) transfer na hanggang 500 (ang "Limit ng Promotion") sa Latvia gamit ang foreign exchange rate (ang "Espesyal na FX Rate") na naka-publish sa landing page o mobile application ng Remitly na branded ng Espesyal na FX na naka-link sa Mga Tuntunin at Kundisyon na ito, dahil na-publish ang rate na iyon noong panahong isinumite mo ang kwalipikadong transaksyon.

- Mga Kundisyon ng Espesyal na FX Rate. Ang Espesyal na FX Rate ay ilalapat nang direkta ng Remitly sa iyong kwalipikadong transfer at hindi magagamit sa mga kasunod transfer. Maaaring magbago paminsan-minsan ang Espesyal na FX Rate ayon sa pagpapasya ng Remitly. Ang Promotion ay magiging valid para sa mga kwalipikadong transfer na isinumite noong panahon ng Promotion Period at kailangang matagumpay na makumpleto para maging kwalipikado para sa Espesyal na FX Rate.

- Ang isang transfer ay itinuturing na "matagumpay na nakumpleto" kapag nadeposito ang pondo sa bank account ng iyong nilalayong recipient. Kung hindi matagumpay na nakumpleto ang transaksyon, ang Espesyal na FX Rate na available sa panahon ng pagsisimula ay hindi ilalapat sa anumang mga transfer sa hinaharap.

- Ang mga halagang ipinadala na lampas sa Limit ng Promotion ay ipapadala gamit ang FX Rate na nalalapat sa serbisyong pinili mo noong panahong ginawa mo ang transaksyon mo.

- Maaaring magbago paminsan-minsan ang lahat ng FX rate ayon sa pagpapasya ng Remitly.

- Kung pipiliin mong lumahok sa Promotion, hindi ka magiging kwalipikadong

lumahok sa iba pang promotion na maaaring patakbuhan ng Remitly at kung saan maaari kang maging kwalipikado. Pinal ang pagpapasya mong lumahok sa Promotion.

- Ang Promotion ay magiging valid para sa mga kwalipikadong transfer na isinumite noong panahon ng Promotion Period. Ang "Promotion Period" ay magsisimula sa 12:00 PM, Agosto 1, 2020 nang 12:00 PM Pacific Standard Time at magtatapos nang 12:00 PM Pacific Standard Time sa Agosto 31, 2020. Ang server ng Remitly ang opisyal na orasan para sa Promotion.

- Hindi ka magiging kwalipikadong para sa Promotion kapag hindi sapat ang pagpopondo sa iyong transfer. Hindi magiging valid ang Promotion para sa anumang kwalipikadong transaksyon na kinansela mo o ng Remitly.

- Isa itong alok na may limitadong panahon. Nakalaan sa Remitly ang karapatang kanselahin ang Promotion anumang oras, nang may paunang abiso o wala. Kikilalanin ang anumang kwalipikadong transfer kung sinimulan ito bago ang pagkansela ng Promotion. Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang Promotion, o mga indibidwal na transfer, kung ang mga transfer ay mukhang mapanloko o hindi sumusunod sa Kasunduan sa User ng Remitly. Nakalaan sa Remitly ang karapatang diskwalipikahin ang mga transfer na sa tingin nito ay naglalayong lusutan ang mga patakaran ng Promotion, o na itinuturing na mapang-abuso.

- Hindi ka maaaring lumahok sa Promotion kung ang paggawa nito ay ipinagbabawal ng anumang naaangkop na batas, kautusan, o regulasyon. Mapapailalim sa [Patakaran sa Pagkapribado](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>) ang lahat ng impormasyong kinolekta sa iyo bilang bahagi ng Promotion.